



KAILANGAN KO BANG SAGUTIN ANG MGA TANONG NG PULIS?

Kung ikaw ay pinigilan at tinanong ng pulis, o kakausapin ka nila sa isang protesta, may karapatan kang **HUWAG** tumugon, maliban kung ikaw ay nagsasagawa ng "kontra-sosyal" na pag-uugali (nagdudulot, o malamang na magdulot ng "panliligalig, alarma o paghihirap"). Hindi ka dapat magbigay ng maling impormasyon sa pulisya, dahil ito ay kriminal na pagkakasala. Hindi ka maaaring halughugin o arestuhin dahil lamang sa legal kang tumangging sumagot sa mga tanong ng pulisya.

MAY KARAPATAN BA AKONG MAGPROTESTA?

Oo. Ang iyong karapatang magprotesta ay pinoprotektahan ng Human Rights Act at maaari lamang paghigpitan ng batas ng pulisya para sa ilang partikular na layunin (tulad ng pagpigil sa krimen o kaguluhan) at sa paraang katimbang.

Para sa higit pang impormasyon at gabay sa pag-oorganisa ng protesta, mga kapangyarihan ng pulisya na higpitan o ipagbawal ang mga protesta, at ang mga karapatan mo kung naaresto, pumunta sa libertyhumanrights.org.uk/advice-and-information at piliin ang paksa ng 'protest' (protesta), o gamitin ang QR code.

I.LIBERTY



migrants
organise

Tama ang impormasyon na ito noong Marso 3, 2022.







ANO ANG DAPAT KONG GAWIN KUNG NAARESTO AKO?

Bago ka arestuhin dapat ipaliwanag ng pulisya na ikaw ay inaaresto at kung bakit. Kung naaresto ka, magsabi ng **“NO COMMENT” (“WALANG KOMENTO”)** sa lahat ng tanong at **HUWAG** tumanggap ng pag-iingat hanggang sa mayroon kang legal na payo. Humingi ng payo mula sa abogado ng kadalubhasaan sa batas ng protesta (tingnan sa ibaba). May karapatan ka:

- na magsabi sa isang tao tungkol sa iyong pagka-aresto
- sa isang tagasalin kung ang Ingles ay hindi ang iyong unang wika
- sa isang naaangkop na nasa hustong gulang kung ikaw ay wala pang 18 taon o taong mahina



Ikaw ay **HINDI** legal na kinakailangan na ibahagi ang iyong nasyonalidad o katayuan sa imigrasyon kapag naaresto, bagama't maaaring suriin ito ng pulisya kung pinaghihinalaan nilang hindi ka mamamayan ng Britanya. Para sa gabay sa mga implikasyon ng pagka-aresto sa isang protesta, tingnan ang: jcw.org.uk/immigration-advice-for-protestors



MGA SOLICITOR NA NAG-AALOK NG LIBRENG 24 ORAS NA PAYO AT LEGAL NA TAGAMASID:

ITN SOLICITORS 020 3909 8100

HODGE JONES & ALLEN 0844 848 0222

KELLYS 01273 674 898 / 0800 387 463

BPLS @blkprotestlegal / blackprotestlegal@protonmail.com

GBC @GBCLegal / 07946 541 511 / courtsupport@protonmail.com

COMMONS 020 3865 5403

BINDMANS 020 7305 5638

MTC 07956 308 127